ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LIV Blg. 16
Agosto 21, 2023
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Pasistang terorismo ng rehimeng US-Marcos sa tabing ng pambansang seguridad

Lalo pang pagsidhi ng pasistang terorismo ng estado, paninikluhod sa imperyalismong US at pagsupil sa mga pwersang patriyotiko at demokratiko ang itinakdang direksyon ng bagong inilabas na "patakaran sa pambansang seguridad" (NSP o National Security Policy) ng rehimeng US-Marcos. Ipinaiilalim nito ang lahat ng aspeto ng lipunan—mula ekonomya hanggang kalikasan—sa balangkas ng "pambansang seguridad" na ibayong nagpapalaki sa papel ng militar at mga upisyal panseguridad sa pagpapatakbo ng estado.

Hungkag at huwad ang matatayog na deklarasyon ng NSP na "matatag, maginhawa at panatag na buhay", "pambansang kasarinlan," "panteritoryong integridad" at "kapayapaan." Ang totoo'y lalong pinahihigpit ng mga patakaran at hakbangin ni Marcos ang dayuhang kontrol sa Pilipinas, binabaon ang bansa sa dayuhang pautang, at isinasadlak ang sambayanang Pilipino sa hirap, gutom at pang-aapi.

Pinalalabas ng mga upisyal ng rehimeng Marcos na kinakatawan ng NSP ang estratehikong pagpihit ng prayoridad mula panloob na seguridad tungong depensang panlabas. Subalit bago nito magawang "itransisyon" ang lakas ng armadong pwersa ng Pilipinas sa panlabas na seguridad, prayoridad nito ang ibayong pagsupil sa lahat ng pwersang itinuturing na banta sa "pampulitikang katatagan" ng naghaharing sistema.

Hindi binabawasan, bagkus dinadagdagan pa, ang humigit-kumulang 150 batalyon tropang pangkombat ng AFP at PNP at nakapakat sa iba't ibang larangang gerilya sa buong bansa. Isinasagawa ang malalaking operasyong saywar, intelidyens and pangkombat sa tangkang kubkubin at gupuin ang mga yunit ng BHB. Kasabay nito ang walang pakundangang pambobomba mula sa himpapawid at pangagnanyon na nagsasapeligro sa buhay ng mga sibilyan at sumisira sa kalikasan.

Daan-daang barangay ang sakop ng ilanlibong armadong tropa ng AFP upang hatiran diumano ng serbisyong pampubliko at proyektong pangkabuhayan sa pamamagitan ng National Task Force-Elcac. Ang totoo, ang mga programang ito na batbat ng anomalya at pinagkakakitaan ng mga korap na upisyal ng militar, ay pawang pantabing lamang sa ginagawang malawakang pangangamkam ng lupa ng mga magsasaka at minoryang mamamayan.




"Prosesong pangkapayapaan kaysa gera" ang diumano'y gusto ng NSP subalit wala namang idineklarang plano na isagawa ang negosasyong pangkapayapaan sa NDFP upang lutasin ang mga suliraning nasa ugat ng gerang sibil sa bansa at kamtin ang makatarungan at matagalang kapayapaan. Walang binago sa dati nang mapanlinlang na "lokalisadong usapang pangka-

payapaan" na walang dili't iba kundi kampanyang panunupil at saywar sa anyo ng kampanyang "surender" at "amnestiya."

Tahasang idineklara ni Marcos sa NSP na palalakasin ng kanyang rehimen ang mga hakbang para supilin ang tinatawag nitong "mga ligal na prente ng CPP-NPA-NDFP" upang diumano'y "ihinto ang rekrutment, putulin ang suportang pampinansya at labanan ang propaganda." Ang ganitong tahasang pagdadawit sa rebolusyonaryong armadong kilusan ang ginagamit na katwiran sa paniniktik, panggigipit at marahas na panunupil sa mga organisasyong pang-masa na umiiral sa ilalim ng konstitusyon ng Republika ng Pilipinas.

Ang deklaradong layunin ng NSP na magbigay ng "seguridad sa operasyong pangnegosyo" ay tiyak na gagamitin rin upang lalong puntiryahin ang mga unyon at organisasyon ng mga manggagawa na nakikibaka para sa pagtataas ng sahod at regularisasyon ng trabaho, na taliwas sa patakaran ng murang lakas paggawa na gustong ipagpatuloy ni Marcos bilang pagsunod sa kagustuhan ng mga dayuhang malalaking kapitalistang namumuhunan.

Sa kanayunan, pinupuntirya ng kampanyang panunupil ang mga organisasyong masa ng mga magsasaka at mga katutubong mamamayan na lumalaban sa pangangamkam ng lupa, pagpapalayas sa masa at pangwawasak sa kalikasan ng mga operasyon ng mga minahan, plantasyon, pati na mga proyektong pang-imprastruktura ng malalaking kapitalista sa "renewable energy," ekoturismo at iba pa. Mula maupo si Marcos, sunud-sunod ang mga kaso ng pagpatay, pagdukot, pagtortyur at iba pang pandarahas sa mga sibilyan na gawa ng mga armadong galamay ng estado.

Target din ng panggigipit at panunupil ang mga samahan ng mga estudyante, guro, manggagawang pangkalusugan, taong-simbahan at iba pang sektor na aktibo sa pagtatanggol sa kapakanan ng kanilang sektor at interes ng taumbayan.

Tuluy-tuloy na sinusulsulan at inaarmasan ng imperyalismong US ang AFP sa armadong panunupil laban sa lahat ng patriyotiko at demokratikong pwersa ng taumbayan. Alinsunod ito sa kagustuhan ng US na magamit ang mga tauhan ng AFP bilang pandagdag na pwersa sa pang-uupat nito ng armadong sigalot laban sa karibal nitong imperyalistang China.

Malaking kasinungalingan ang sinasabi ni Marcos sa NSP na pagtatanggol sa teritoryo ng bansa samantalang ipinauubaya nito ang malalawak na lupain ng Pilipinas sa kontrol ng militar ng US. Ang papalaking presensya ng US sa pagsabing ito ay "pampigil" sa panghihimasok ng China. Ang katotohanan, ang lumalaking presensya ng mapagbantang armadong pwersa ng US sa lupa at karagatan ng Pilipinas ang nagiging dahilan ng China na pasukin at sakupin ang lumalaking bahagi ng teritoryong pandagat ng bansa. Sa ilalim ng NSP, patuloy na lumalaki ang peligrong madawit ang Pilipinas sa posibleng pagsiklab ng inter-imperyalisang gera ng China at US.

Pinalalabas ng rehimeng US-Marcos na "malapit nang magapi" ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng Bagong Hukbong Bayan at tahasang idinedeklarang isa na lamang ang "aktibong larangang gerilya," kahit pa araw-araw ay napasusubalian ito ng sariling ibinabalitang mga armadong engkwentro sa iba't ibang panig ng bansa.

Ang totoo, patuloy na umiigting ang armadong sigalot sa buong Pilipinas, laluna sa harap ng laganap na mga kaso ng pang-aagaw ng lupa, kahirapan at pagkabangkarote ng masang magsasaka sa kanayunan, at ng kanilang masidhing hangaring mag-armas at magtanggol laban sa pasistang estado. Sa suporta ng malawak na masang magsasaka at sambayanan, patuloy na nakapagpupunyagi ang mga yunit ng BHB, lihim sa kaaway na nakapagpapalawak, muling nakapagpapalakas, at naghahanda sa muling pagbwelo.

Dapat iwaksi at labanan ng sambayanang Pilipino ang lumalang pasistang terorismo ng estado sa ilalim rehimeng Marcos at ng "patakaran sa pambansang seguridad" nito na dikta ng imperyalismong US. Dapat pag-ibayuhin ang tapang at puspusang isulong ang lahat ng anyo ng pakikibaka, laluna ang armadong pakikibaka, upang tuluy-tuloy na isulong ang hangarin ng bayan para sa pambansa at panlipunang paglaya. AB

ANG Bayan

Tomo LIV Blg. 16 | Agosto 21, 2023

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Pasistang terorismo ng rehimeng US-Marcos sa tabing ng pambansang seguridad 1
Pagmamalinis sa gitna ng kawalang-hustisya 3
Buhay gerilya: Pagkakaisa at determinasyon 4
9 na armas, nasamsam ng BHB sa Negros 5
Kampo ng 2nd IB sa Masbate, pinalayas 5
Treyning, inilunsad ng BHB-Western Samar 5
Ang paghasa sa pambansang minorya 6
Sa madaling salita 7
Pera ng Pilipinas, ginagamit para sa EDCA *sites* 8
Pagkamal ng yaman ng iilan sa gitna ng hirap 9
AFP, numero unong tagapaglabag sa IHL 10
Mga Protesta 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

# Pilit na pagmamalinis sa gitna ng kahirapan at kawalang-hustisya

Kabalintunaan ang deklarasyon ni Ursula von der Leyen, presidente ng European Union (EU), na "higit nang maayos" ang kalagayan ng karapatang-tao sa Pilipinas sa ilalim ni Ferdinand Marcos Jr sa pagbisita niya sa bansa noong Hulyo.

Tuwang-tuwang sinalubong ni Marcos ang pahayag na ito na sumuhay sa walang-tigil na pagpapabango at pagpostura ng kanyang rehimen. Pinalalabas niyang maayos ang kalagayan ang bansa sa kabila ng katotohanang kabi-kabila ang pamamaslang at iba pang abuso sa kapangyarihan.

Dismayado ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa deklarasyong ito ng presidente ng EU. Isa itong "pagbaliktad sa katotohanan," ayon kay Ka Louie Jalandoni, Chief International Representative ng NDFP.

Noong nakaraang taon lamang, ipinasa sa European Parliament ang isang resolusyon para itulak ang Gubyerno ng Republika ng Pilipinas na ihinto ang *red-tagging* laban sa mga progresibong organisasyon at indibidwal. Itinulak din nito ang pagsasagawa ng imbestigasyon sa mga kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang at pagtitiyak na mapapanagot ang mga pulis at pulitikong mapatunayang may kinalaman sa mga krimen na labag sa internasyunal na makataong batas at mga karapatang-tao.

Dagdag dito, ipinahihinto din ng EU ang pampulitikang panggigipit kay Sen. Leila De Lima na anim na taon nang nakapiit sa gawa-gawang kaso. Ipinanawagan nito ang kagyat na pagpapalaya sa senadora at pagpapanagot sa mga nasa likod ng kanyang arbitraryong detensyon.

Alinsunod sa naturang resolusyon, ang mga estadong bahagi ng EU ay pinagbawalan na magbigay ng mga armas, teknolohiya sa paniktik, at iba pang sandatang maaaring gamitin ng estado sa panunupil.

Walang batayan na biglaang binago ni von der Leyen ang nilalaman ng resolusyon ng EU. Sa nakalap na ulat ng Ang Bayan, hindi bababa sa 94,448 ang naging biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa unang taon pa lamang ng rehimeng Marcos Jr. Ito ay mula sa 954 insidente (o mahigit dalawang kaso kada araw) na mga paglabag sa karapatang-tao sa buong bansa. Umabot sa 104 indibidwal ang biktima ng pampulitikang pamamaslang.

"Imbes na wakasan ang kultura ng *red-tagging*...pinatindi pa ni Marcos Jr ang kultura ng kawalang pakundangan," ayon kay Ka Louie. "Hinirang niya ang bise presidente at mga myembro ng gabinete sa mga susing pusisyon sa NTF-Elcac. Inuudyukan ng NTF-Elcac ang terorismo ng estado."

Hinimok din ni Jalandoni na pagnilay-nilayan ng EU ang tindig nito sa harap ng pagpigil ni Marcos sa imbestigasyon ng International Criminal Court sa madugong "gera sa droga" ng nagdaang rehimeng Duterte, bagay na magkakait sa hangaring katarungan ng libu-libo nitong biktima.

Kinilala ni von der Leyen na "umaayos na" ang kalagayan sa karapatang-tao sa ilalim ni Marcos upang bigyang daan ang pagtatambak ng sobrang kalakal at kapital ng EU sa tabing ng kasunduan sa "malayang kalakalan." Sa partikular, ginagamit ng EU ang ibinabanderang "green economy" para maglagak ng puhunan sa mga proyektong imprastruktura sa bansa sa ilalim ng programang "Global Gateway." Sa programang ito, popondohan ng EU ang pagtatayo ng mga proyektong imprastrukturang digital, pang-enerhiya at transportasyon.

Sa pagbisita ni von der Leyen, naggawad siya ng *grant* o ayudang nagkakahalagang €466 milyon o ₱28.13 bilyon bilang patikim kay Marcos at kanyang mga upisyal. Ilalagak ito sa mga proyektong imprastruktura ng rehimen para diumano sa *renewable energy*, pagbabawas ng plastik, at pamamahala sa basura.

Mula nang maupo si Marcos, kapansin-pansin ang pagdagsa ng mga dayuhang kumpanyang namumuhunan sa iba't ibang proyektong pang-enerhiyang "renewable," ng mga kumpanyang European.

Noong Hunyo, nagbabala na ang National Democratic Front-Ilocos laban sa mga proyektong ito na nakapipinsala sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan. Ayon sa NDF-Ilocos, talamak na ang pangangamkam ng lupa at pagpapalayas sa mga magsasaka at katutubo sa kagubatan at sakahang target tayuan ng mga proyektong *wind mill*, *solar power* at iba pang proyekto. Nangangamba naman ang maliliit na mangingisda sa rehiyon na mawalan ng pangisdaan sa planong paglalatag ng proyektong *offshore wind mill* sa Ilocos.



Koresponsal:

# Buhay gerilya: Pagkakaisa at determinasyon sa pagkilala sa sarili at isa't isa

Araw-araw, kinahaharap ng mga Pulang mandirigma ang buhay at kamatayang pakikibaka. Para mapangibabawan ang mga hamon dito, mahalaga na makilala ng bawat kasapi ng hukbong bayan ang kanilang mga sarili at kapwa mandirigma.



Sa loob ng hukbong bayan, pinapanday ang mataas na pagkakaisa at determinasyon. Regular na idinadaos ang mga pagtatasa sa kanilang mga gawain, pati na ang pagtatalakayang buhay. Sa pamamagitan nito, tinutukoy ang mga pag-unlad ng mga kasama at mga kailangan pang paunlarin para higit na makapag-ambag sa rebolusyon. Nakakukuha ng aral at inspirasyon ang mga kasama sa karanasan ng bawat isa. Ang kalakarang ito ang nagpapanday ng disiplina, pagkakaisa at matatag na kapasyahang lumaban ng mga mandirigma sa ilalim ng Bagong Hukbong Bayan-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command).

**Ka JI, kadre militar**

Kahanga-hangang katatagan at paninindigan sa pagkilos ang ipinamalas ni Kasamang JI sa kanyang mahigit dalawang dekadang pagkilos sa hukbo. Nagsimula siyang kumilos sa kasagsagan ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto noong dekada 1990. Isa siya sa mahuhusay na nagsulong ng tamang linya ng Partido mula sa kamalian at disoryentasyon sa isla ng Samar. Mula sa uring magsasaka, mabilis siyang umunlad bilang kadre ng Partido at mandirigma. Nanguna sa gawaing ekspansyon na nakapagbukas ng mga bagong larangan sa prubinsya. Nahuli siya at nakulong ng kaaway, ngunit nanatili ang katapatan sa Partido at masa sa kabila ng mga pisikal at mental na tortyur. Pagkalaya'y agad siyang bumalik sa hukbo taglay ang mas matibay na paninindigan.

"Kung mamamatay ako, mamatay, pero hangga't nabubuhay ako patuloy akong kikilos at magrerebolusyon," panata ni Ka JI. Sa kasalukuyan, tumatayo siyang kumander ng platun at namumunong kadre ng Partido. Nagsisilbi siyang halimbawa sa bago at mas nakababatang mandirigma sa pangangalaga ng seguridad, pag-oorganisa at pagpropaganda sa masa, at maging sa gawaing pangkultura.

**Ka Isang, mandirigmang ina**

Kumportable at maalwang pamumuhay ang isinakripisyo ni Kasamang Isang nang sumapi siya sa hukbong bayan. Mula sa uring petiburges, isang taon na lamang ay magtatapos na siya sa kolehiyo sa kursong Psychology nang magpasyang makipamuhay sa masang magsasaka sa kanayunan. Dito nabuo ang kanyang kapasyahang magsilbi sa interes ng nakararami at tuluyang talikuran ang ambisyon para sa sarili. Sa magtatatlong dekadang pagkilos bilang mandirigma, samut-saring sakripisyo at kahirapan na ang kinaharap ni Ka Isang. Kabilang dito ang pagkalayo sa pamilya, mahahaba't matatagal na lakaran, puyat at gutom. Imbes na panghinaan ng loob, ang mga sakripisyong ito'y lalong nagpatatag sa kanya upang ganap na ialay ang kakayanan, lakas, at buhay sa rebolusyon.

Isa sa pinakamalaking sakripisyong kinaharap ni Ka Isang ay ang mapalayo sa kanyang anak upang patuloy na gampanan ang kanyang mga responsibilidad. Sa kabila nito, buo ang kanyang loob sa araw-araw dahil ang kanyang anak ay pinangangalagaan ng kanyang mga magulang na sumusuporta sa kanyang pinaglalaban. Inspirasyon niya ang kanyang anak at iba pang mga anak sa pagsisiguro ng isang bagong lipunan kung saan hindi kailangan mahiwalay ang mga ina sa kanilang mga anak at kung saan may tunay na kalayaan at demokrasya para sa lahat.

**Ka Niño, manggagawang mandirigma**

Mula naman sa uring malamanggagawa, sanay si Kasamang Niño sa iba't-ibang trabaho mula sa murang edad. Sa edad na 12, naranasan niya ang matinding pagsasamantala sa pagawaan. Kapalit ng mababang sahod, binalikat niya ang mabibigat na trabaho, sobra sa otso oras na pagtatrabaho, at mapanganib na mga kundisyon sa paggawa. Dahil sa kahirapan, may isang

*Sundan sa pahina 5*

## 9 na armas, nasamsam ng BHB sa Negros

NAKUMPISKA NG MGA yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isla ng Negros ang apat na riple at limang pistola sa dalawang taktikal na opensiba sa nagdaang dalawang linggo. Naiulat din ang ambus ng BHB-Masbate laban sa mga CAFGU at ahenteng militar.

Inambus ng BHB-Northern Negros ang kontra-insurhensyang yunit ng Philippine National Police (PNP) na nagpapatrolya sa Sityo Calanugan, Barangay Minapasuk, Calatrava, Negros Occidental noong Agosto 9. Nasamsam sa kanila ang apat na ripleng armas, isang .45 kalibreng pistola at mga bala.

Napatay sa pananambang ang isang pulis at nasugatan ang tatlo pa sa ambus. Samantala, tiniyak ng hukbong bayan ang kaligtasan ng mga sibilyang lulan ng isang *canter truck* at sasakyang pang-reskyu na kasunod ng sasakyang pampatrulya ng pulis.

Sa Negros Oriental, nakumpiska ng BHB-Central Negros ang apat na pistola mula sa ahente ng militar na si Pen-pen Fajardo sa Sityo Mora, Barangay Pinukawan, Vallehermoso noong Agosto 13. Si Fajardo ay kilalang nakikipag-ugnayan at nakikipagtulungan sa mga sundalo. Marami rin siyang kaso ng pang-aabuso at panggigipit sa mga residente, kabilang ang walang patumanggang pamamaril sa komunidad.

Sa Masbate, nasugatan ang mga elemento ng CAFGU at kasama nilang mga *vigilante* na ahente ng militar sa ambus ng BHB sa Barangay Bonifacio, Uson, Masbate noong Agosto 9. Sakay sila ng isang *pick-up truck* nang pasabugan ng mga Pulang mandirigma.

## Kampo ng 2nd IB sa Masbate, pinalayas ng mga residente

PINALAYAS NG MGA residente ng Sityo Baclay, Barangay Bacolod, Milagros sa Masbate ang himpilan ng mga sundalo ng 2nd IB na nakatayo sa naturang sityo matapos magreklamo ang mga residente laban dito.

Ipinaabot nila ang kanilang disgusto sa pamamagitan ng pagtitipon para ipetisyon ang pagpapalayas sa kampo militar. Anila, wala itong idinulot sa kanila kundi perwisyo sa hanapbuhay at takot sa presensya ng mga sundalo, laluna sa hanay ng kabataan.

Pwersahang itinayo ng batalyon ang kampo sa Barangay Panicijan sa Uson matapos tumanggi ang ibang barangay na i-*host* ang naturang kampo.

## Treyning, inilunsad ng BHB-Western Samar

MAHIGIT 30 PULANG mandirigma at upisyal ng BHB sa Samar ang nagsipagtapos ng batayang kurso pangmilitar noong ikatlong linggo ng Hulyo. Nailunsad ang gayong pagsasanay sa gitna ng tuluy-tuloy na operasyon ng militar sa erya.

Sinentruhan nito ang piling mga paksa na pinakaangkop sa mga gawaing haharapin.

Nagtagal nang 12 araw ang pagsasanay. Nagkaroon ng maliit na salu-salo bilang pagdiriwang sa pagtatapos.

Naging susi sa matagumpay na paglulunsad ng pagsasanay ang mahigpit at mainit na suporta ng masa na walang sawang nagtaguyod at nagbigay ng tulong sa mga kasama.

*Mula sa pahina 4*

panahong napilitan siyang magtulak at gumamit ng droga. Noong magbakasyon sa prubinsya para magsaka at layuan ang kapit sa patalim na buhay sa syudad, naugnayan si Ka Niño ng Bagong Hukbong Bayan, binigyan ng mga paunang pag-aaral hinggil sa lipunan at rebolusyong Pilipino na naging salalayan sa kanyang buong panahong pagkilos bilang mandirigma.

"Kung di ako namulat sa landas ng rebolusyon ay malamang naparíwara na ako nang tuluyan, kundi man ay napatay na sa tokhang," kwento ni Ka Niño. Naging masigasig siya sa mga pampulitikang pag-aaral at pakikisalamuha sa mga masa at kasama upang mas lalong maunawaan ang rebolusyon. Sa edad na 23, humawak na siya ng mga responsibilidad bilang iskwad lider, giyang pampulitika, at medik. Bagamat may dala-dalang impluwensiya ng nakagawiang buhay tulad ng pagiging maangas sa kilos at pananalita, sa patuloy na pagpapanibagong hubog at tulong ng mga kasama'y napangingibabawan ang mga burges na aktitud. Naging bentahe niya sa pagpapatupad ng mga gawain at pagseseguro sa kapakanan ng masa at mga kasama ang pagiging maparaan na natutunan niya sa buhay sa lungsod.

Marami sa mga mandirigma sa yunit nina Ka JI, Ka Isang at Ka Niño ay kabataang mula sa uring magsasaka na naghihirap dahil sa kawalan ng sariling lupa, barat na pasahod sa pagtatrabaho sa bukid, mababang presyo ng mga produktong kopra at palay, at kawalan ng mga serbisyong sosyal. Dahil dito, mas madali nilang maunawaan na tanging sa sama-sama nilang pagsusulong ng armadong pakikibaka lamang makakamtan ang kanilang mga karapatan. Ilan sa kanila ay mga lider ng mga organisasyong masa at upisyal ng barangay sa kani-kanilang baryo na dahil sa kagustuhang ipaglaban ang karapatan at kabutihan ng kanilang mga kababaryo ay ginipit at dinahas ng mga pasistang militar. AB

Koresponsal:

# Ang paghasa sa talino't galing ng pambansang minorya sa loob ng BHB

Patung-patong na pang-aapi at pagsasamantala ang kinakaharap ng mga pambansang minorya sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan. Salat sila sa edukasyon at serbisyong pangkalusugan dahil sa pagpapabaya ng reaksyunaryong estado.

Sa halip na mga guro at duktor, mga armadong sundalo ang iniharap ng estado sa katutubong mga pamayanan upang supilin ang kanilang karapatan, laluna ang karapatan sa lupang ninuno. Bukod dito, pinahihirapan pa sila ng umiiral na sobinismo at diskriminasyon.

Ang dinanas na kahirapan at pang-aapi ang nagmulat sa kabataang katutubo na sina Ka Lubid, Ka Ran at Ka Jana. Ang mga ito ang nagdala sa kanila sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan hanggang sumapi sila sa Bagong Hukbong Bayan (BHB).

**Pulang kumander**

"Mahirap pala mamuno sa Hukbo. Napakaraming kailangang isipin at gawin pero hindi ko ito uurungan. Sa ating mga kasama, lahat ay kayang gawin basta nagtutulungan," pagbabahagi ni Ka Lubid, bagong-talagang kumander ng isang yunit ng BHB sa Mindoro. Malugod niyang tinanggap ang hamon anuman ang kalagayan, dahil sapul nang sumapi sa BHB ay naghanda siyang maging Pulang kumander.

Hinarap ng yunit ni Ka Lubid sa nakaraang taon ang pinasinsin at matinding pang-aatake ng kaaway. Sa mahigpit na pagtangan sa disiplinang militar at linyang masa, nagtagumpay ang yunit na biguin ang imbing plano ng mga pasista.

Bentahe ang pagkabisa ni Ka Lubid sa tereyn at malalim na pagsapul sa kalagayan ng masa para sa wastong maniobra ng yunit. Sa tuwing may kalapit na kaaway, kalmado siya sa paghahanda para lumaban.

Bago naging kumander ng yunit ay ilang taon siyang nagsanay sa iba't ibang tipo ng rebolusyonaryong gawain. Ika niya: "Ibinigay ko na ang buhay ko sa rebolusyon kaya't gagawin ko ang lahat para magtagumpay ito."

**Artista ng bayan**

Isang kabataang Dumagat na punung-puno ng sigla at talino si Ka Ran, upisyal pangkultura sa sangay ng Partido sa isang yunit ng BHB sa Quezon. Isa siyang manunulat at myembro ng Pulang Bandila, ang pangkulturang bisig ng BHB. Pinangungunahan niya ang mga pangkulturang aktibidad ng kanilang yunit at paglikha ng mga akdang pampanitikan, partikular na ang mga tula at dula.




Bata pa lamang ay nagpamalas na si Ka Ran ng dedikasyon sa pagsusulat. Mahilig din siyang gumawa ng liham para sa kanyang mga kapamilya at kaibigan. Pero dahil palipat-lipat ng tirahan at laging nagtatago ang kanyang pamilya, hindi na niya nagawang makapagtapos ng elementarya.

Bago sumapi sa BHB ay katuwang na si Ka Ran sa gawaing propaganda-kultura sa kanyang komunidad. Sa loob ng rebolusyonaryong kilusan, lalong nahasa ang kanyang galing sa pagsusulat at iba pang talento. Mula sa pagsusulat ng tula, lumahok siya sa paglikha ng mga pyesa ng awit-galaw at nagdirehe na rin ng mga dula.


"Gusto kong ipakita sa sining ang kawastuhan ng pagsusulong ng rebolusyon para mahimok ang mamamayan na lumahok sa digmang bayan," ani Ka Ran.

**Duktor, dentista, akupangturista**

Mapalad ang tingin ni Ka Jana sa sarili dahil sa lahat ng kabataan sa kanilang pamayanan, siya lamang ang nakatuntong ng kolehiyo. Ang bilin sa kanya ng matatanda, bumalik sa kanilang tribu para doon magserbisyo.

Tinupad ni Ka Jana ang tagubilin. Nagtapos siya ng kursong medikal, hindi sa burgis na paaralan, kundi sa Pulang paaralan ng BHB. Ngayon, buong panahon siyang naglilingkod bilang duktor, dentista at akupangturista sa kapwa niya katutubo at mamamayan sa eryang saklaw ng kanilang yunit.


"Malaki ang potensyal ni Ka Jana sa gawaing medikal. Mahusay ang kontrol niya sa kamay, magaan ngunit turol ang mga punto sa akyu at presiso sa pag-oopera. Talagang pinagkakatiwalaan siya ng mga pasyente," ani Ka Maru, instruktor sa pagsasanay medikal nina Ka Jana. AB



# ₱7/kilo

**abereyds na itinaas ng presyo ng bigas mula huling linggo ng Hulyo**

dulot ng nakaambang kakulangan at manipulasyon ng presyo.



# ₱6.1T

ang ilalaang badyet pang-imprastruktura ni Ferdinand Marcos Jr para sa Luzon,

kung saan malaki ang mapupunta sa mga prubinsya ng Ilocos, balwarte ng kanyang pamilya.

# 4

**na malalaking unyon ang nakawelga sa Los Angeles City, California, US, nitong Agosto para igiit ang nakabubuhay na sahod at seguridad at dignidad sa trabaho.**



Kinatawan ng mga unyon ang mga kawani ng syudad, manggagawa sa mga hotel at mga artista at manunulat ng Hollywood.

# 83%

**ang itinalon ng netong kita ng Vista Land & Lifescapes Inc ni Manny Villar,**

mula ₱3.2 bilyon sa buong 2022 tungong ₱5.8 bilyon sa unang hati ng 2023. Ang kumpanyang ito ay nagtatayo ng mga subdibisyon at sentro ng komersyo, karamihan sa mga pinalit-gamit na lupang agrikultural.



# ₱600M-₱1.5B

ginastos ng nangungunang mga kandidato sa mga "influencer" sa *social media* noong eleksyong 2022.

Pinagkunan: *Political Economy of Covert Influence Operations in the 2022 Philippine Elections*

# BRP Sierra Madre

ang bulok at kalawanging barkong sadyang ibinahura ng Philippine Navy sa Ayungin Shoal noong 1999 para magsilbing *outpost* ng Philippine Marines at simbolo ng paggigiit ng soberanya ng Pilipinas sa Spratly Islands.



# 1453%

**o mula ₱25 milyon noong 2021 tungong ₱392 milyon noong 2022**

ang itinaas ng badyet pambyahe palabas ng bansa ng Upisina ng Presidente dulot ng mga lakad sa ibang bansa ni Marcos Jr, kanyang pamilya at mga alipures sa unang 6 na buwan niya sa pwesto.

# 22

**proyektong reklamasyon ang kunway isinuspinde ni Marcos Jr matapos magreklamo ang US dahil sangkot ang isang kumpanyang Chinese sa mga ito.**

Sa kabila nito, nagpatuloy ang *dredging* sa Manila Bay sa bandang Cavite.

# Pera ng Pilipinas, ginagamit sa konstruksyon ng mga base militar ng US

Puspusan ang konstruksyon at paglalatag ng mga base militar ng US na tinatawag na mga "EDCA site," gamit ang pondo ng mamamayang Pilipino at mga tau-tauhan nito sa Armed Forces of the Philippines. Noong nakaraang linggo, mismong si Defense Sec. Gilbert Teodoro at AFP *chief* Romeo Brawner ang nagtungo sa Lal-lo, Cagayan, para madaliin ang "upgrade" ng sibilyang paliparan para sa *refuelling* ng mga eroplanong pandigma ng US. Para magmukhang may silbi sa Pilipinas, gagamitin din umano ito ng mga eroplano ng AFP.

Sa Palawan, bwelado na ang pagpapalawak ng paliparan at iba pang pasilidad pangmilitar sa Balabac Island mula pa Marso 11. Bagamat pasilidad ng US, ang ₱174.62 milyong pondong ginagamit para sa Balabac Military Runway ay mula sa Department of Public Works and Highways (DPWH) sa ilalim ng programang TIKAS (Tatag Imprastruktura para sa Kapayapaan at Seguridad) Convergence Program nito.

Ang isla ay matatagpuan sa Balabac Strait, na dinadaanan kapwa ng mga barko ng US at China sa kani-kanilang paglalayag. Gagamitin ng US ang paliparan at ang buong isla para manmanan ang mga barko ng China na dadaan dito. Sa aktwal, hindi kaiba ang gamit ng US dito sa gamit ng China sa mga paliparang iligal na itinayo nito sa soberanong karagatan ng Pilipinas.

Liban sa paliparan, pinopondohan din ng DPWH ang pagtatayo ng isang *command and control center* na nagkakahalagang ₱18.32 milyon. Ang DPWH din ang nagpopondo sa pagpapalawak at pagpapalalim sa daungan sa kabilang bahagi ng isla para daungan ng malalaking *war ship* ng US. Tinatayang aabot sa $5.5 milyon (₱308 milyon) ang kailangang gastusin para rito. Alinsunod sa mga probisyon ng EDCA, ang mga pasilidad na ito ay papailalim sa ekstrateritoryal na kontrol ng US, kung saan maaari lamang pumasok o inspeksyunin ng mga Pilipino ang pasilidad kung may "pagsang-ayon" ang nauna.

Sa Cebu, mula sa TIKAS din ang pondong ginagamit para itayo ang isang *hangar* (silungan ng mga eroplano) sa Mactan-Benito Ebuen Air Base, isa sa unang limang "EDCA site." Pinasinayaan ang konstruksyon noong Agosto 11. Kasabay nito ang konstruksyon ng isang *fuel depot* sa naturang *airbase* para sa mga eroplanong pandigma ng US. Nagkakahalaga ang proyekto ng ₱111.29 milyon.

Sa nakaraan, ang programang TIKAS rin ang nagpondo sa konstruksyon ng mga *hangar* at samutsaring gusali at pasilidad sa Fort Magsaysay sa Nueva Ecija na isa ring "EDCA site."


Ang TIKAS Convergence Program ay nagpapahintulot sa paggamit ng pondo ng DPWH para sa pagtatayo ng mga imprastrukturang militar. Kapalit nito ang "paggugwardya" ng mga sundalo sa mga proyektong konstruksyon ng DPWH sa mga "conflict-ridden" o may armadong sigalot na lugar.

Pinasimulan ang programa ng noo'y presidente Rodrigo Duterte bilang bahagi ng pambubundat niya sa burukrasyang militar. Pinalawig ito ni Ferdinand Marcos Jr noong Mayo. Hiwalay pa ang pondong ito sa "capital outlay" na ginagamit para sa pagtatayo ng mga gusali at ibang imprastruktura na nakapailalim sa badyet ng kagawaran ng depensa.

Samantala, tuluy-tuloy ang pagdaraos ng US ng mga *war game* sa Pilipinas, gamit ang kalupaan, himpapawid at karagatan ng bansa. Natapos noong Agosto 19 ang 6-araw na Pacific Airlift Rally 2023 na isinagawa sa Clark Air Base sa Pampanga, Villamor Air Base sa Pasay City at sa Ebuen Air Base sa Cebu. Kalahok dito ang 14 na bansa.


Inilulusot ang *war game* sa tabing ng "humanitarian assistance" at "disaster relief operations." Gayunpaman, wala itong kinalaman sa aktwal na *relief operations* kaugnay sa katatapos lamang na mga sakuna sa maraming bahagi ng bansa dulot ng matinding pag-ulan, pagbaha at pinsala dulot ng Bagyong Egay at hanging habagat.

Sa kasagsagan ng sakuna, hindi nakitaan ng anumang "operasyong makatao" ang mga pwersang Amerikano na nasa mga "EDCA site." Pakitang-tao lamang silang namigay ng 1,200 *foodpack* at 56 *solar panel* sa Fuga at Calayan Islands sa Cagayan bilang "tulong" sa mga biktima ng bagyo. Ginawa ito ng US matapos kutyain ng gubernador ng prubinsya ang kawalang-pakialam ng US sa paghihirap ng mga Cagayanon dulot ng bagyo. AB



# Pagkamal ng yaman ng iilan sa gitna ng paghihirap ng karamihan

Lalo pang nakapagkamal ng yaman ang mga multi-bilyunaryong Pilipino sa gitna ng pagdurusa ng mamamayan at kumikitid na ekonomya. Noong Agosto 10, isinapubliko ng magasin na Forbes ang listahan ng mga "dollar billionaire" (bilyunaryo sa halagang dolyar) na Pilipino para sa taong 2023. Sa listahang ito, lumaki nang ₱493 bilyon ang pinagsamang yaman ng 50 pinakamayamang Pilipino mula ₱3.9 trilyon tungong ₱4.44 trilyon.




Nangunguna sa listahan ang magkakapatid na Sy, kasunod si Manny Villar, Enrique Razon, Ramon Ang, at Tony Tan Caktiong at kanyang pamilya. Ang mga burgesya at burukrata-kapitalistang ito ang may pinakamalalaking kumpanya sa Pilipinas na nag-eempleyo ng libu-libong manggagawa, karamihan mga kontraktwal.

Tatlo sa kanila ay kumukontrol sa malalaking tradisyunal na partido na bumubuo sa mayorya ng Senado at Mababang Kapulungan ng Kongreso. Kontrolado ni Villar ang Nacionalista Party, na may nakaupong apat na senador at 38 kongresista. Nakaupo sa senado ang mismong asawa ni Villar na si Cynthia Villar at kanilang anak na si Mark Villar, habang kongresista ang isa pa nilang anak na si Camille Villar. Pinamumunuan naman ni Razon ang National Unity Party na may 39 kongresista, habang ang Nationalist People's Coalition, na itinayo noon ni Eduardo Cojuangco Jr, ang pumanaw nang amo ni Ramon Ang, ay may limang senador at 33 kongresista.

Kung ihahambing, kailangang magtrabaho ang isang manggagawang may minimum na sahod ng 2.4 milyong taon para matumbasan ang yaman ni Villar.

Kung papatawan ng 1% hanggang 3% "wealth tax" o buwis ang yaman ng mga bilyunaryo, mababawasan lamang sila ng kabuuang ₱259.4 bilyon. Maiiwan sa kanila ang ₱4.18 trilyon, na mas malaki pa rin kumpara sa yaman nila noong nakaraang taon.

Samantala, naitala sa isang sarbey noong Hulyo na tumaas nang 1.5 milyon tungong 21.6 milyon ang bilang ng pamilyang mahihirap at nasa hangganan ng kahirapan sa pagitan ng Hunyo 2022 at Hunyo 2023. Gayundin, tumaas tungong 18.8 milyon o dagdag na 100,000 ang bilang ng mga pamilyang naubos ang impok o wala nang kakayahang mag-impok, mula pangalawang kwarto noong 2022 hanggang pangalawang kwarto ngayong taon.


Kumitid ang lokal na ekonomya sa loob ng tatlong magkasunod kwarto. Ayon sa Philippine Statistics Authority, bumagal ang paglago ng *gross domestic product* (GDP) ng bansa noong Abril-Hunyo nang 4.3%, mas mababa sa 6.4% ng nakaraang kwarto at 7.1% sa huling kwarto sa 2022.

Bagsak ang lahat ng mayor na sektor, laluna ang mga produktibong sektor ng agrikultura at pagmamanupaktura. Tanging turismo at ilang pamumuhunan ang nagrehistro ng pag-unlad sa pangalawang kwarto. Hindi naganap sa Pilipinas ang tinaguriang "revenge spending" (o malakihang gastos pagkatapos ng pandemya) at sa halip ay bumagsak pa ang *household consumption* (paggasta ng mga pamilya) mula 8.5% sa unang kwarto tungong 5.5% sa pangalawang kwarto. Ito ay dulot ng implasyon, at kawalang hakbang ng rehimeng Marcos na dagdagan ang sahod at sweldo ng milyun-milyong manggagawa at kawani, kainutilang lumikha ng disenteng mga trabaho at pasikarin ang lugmok na ekonomya.

Patuloy na tumaas ang presyo ng bigas, gulay, isda at langis noong Hulyo sa kabila ng ipinagmayabang na pagbaba ng tantos ng implasyon tungong 4.7%. Inaasahang muli itong sisipa ngayong Agosto matapos ang taas-singil sa LRT at *toll fee*, linggu-linggo at matatarik na pagtaas ng presyo ng langis. Patuloy na tataas ang mga presyo nito sa harap ng manipulasyon ng monopolyong kumpanya sa langis sa suplay at presyo, gayundin ang pabigat na mga buwis na ipinataw dito ng reaksyunaryong estado. AB

# AFP, numero unong tagapaglabag sa IHL

Magkakasunod na kaso ng paglabag sa karapatang-tao ng mga pwersa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang naitala sa Masbate, Isabela, Negros Occidental at Oriental, at Sultan Kudarat sa nagdaang mga linggo. Naganap ang mga ito sa gitna ng paggunita noong Agosto 12 sa Pandaigdigang Araw para sa International Humanitarian Law (IHL).



Dagdag ang mga kasong ito sa 954 paglabag ng rehimeng Marcos Jr sa unang taon nito sa poder.

Sa Sultan Kudarat, pinaslang ng 37th IB si Rowe Jhon Libot, boluntir na guro sa eskwelahan ng mga Lumad, noong Hulyo 27 sa Kalamansig. Pinaiimbestigahan ng mga grupo sa karapatang-tao ang pagpatay kay Libot na binansagan nilang paglabag sa internasyunal na makataong batas at mga alituntunin ng digma na aplikable sa mga lugar na may umiiral na armadong tunggalian.

Sa Masbate, dinakip ng 96th IB at 2nd IB noong Agosto 5 ang mga magsasakang sina Nonoy at Bongbong Francisco, at Ome Malaque sa hangganan ng Barangay Bonifacio at Simawa sa Uson.

Dinampot din at binugbog ng mga sundalo si Dante Dionan sa parehong lugar noong Agosto 6. Iligal namang hinalughog ang bahay at ninakawan si Letot Francisco sa Malapinggan, Barangay Sawmill, Mobo. Noong Agosto 7, walang habas na pinagbabaril ang hindi pa napangalanang isang sibilyan sa Sityo Irong-irong sa hangganan ng Barangay Mabuhay, Sawmill at Baang sa bayan ng Mobo.

Sa Isabela, ginipit at ininteroga ng mga sundalo ng 502nd IBde ang bahay ni Ka Reolita Rivera, isang nakatatandang lider magsasaka,sa bayan ng Angadanan noong Agosto 8. Ang lokal na samahan ni Rivera ay katuwang ng Danggayan Cagayan Valley, na panrehiyong samahan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Sa Negros Occidental, iligal na inaresto ng 94th IB ang 60-anyos na magsasakang si Romeo Balsimo sa Sityo Cunalom, Barangay Carabalan, Himamaylan City noong Agosto 7. Idinawit siya sa isang armadong aksyon ng BHB noong 2020 sa kalapit na lugar. Noong huling linggo lamang ng Hulyo, tinortyur at iligal na ikinulong ng mga sundalo ang kanyang anak na si Romeo Balsimo.

Sa Negros Oriental, hindi pa rin lumalayas ang mga sundalo ng 62nd IB na nagkampo sa paaralang elementarya sa Sityo Agulang, Barangay Villegas, Guihulngan City simula pa Agosto 3. Okupado pa rin ng mga CAFGU simula pa Agosto 5 ang Kambairan Elementary School sa Barangay Trinidad, Guihulngan City. Tuluy-tuloy din ang walang-pakundangan nilang panghahalughog sa mga bahay ng mga residente.

Samantala, ilang ulit na nagpaputok ang hindi kilalang mga indibidwal sa labas ng bahay ng lider-magsasakang si Alvin Dimaracut sa Tarlac noong Agosto 6. Si Dimaracut ang bagong tagapangulo ng Makisama-Tinang na naggigiit ng kagyat na pamamahagi ng lupa sa mga benepisyaryo ng reporma sa lupa sa Hacienda Tinang sa Concepcion, Tarlac.

**Dagdag-sweldo, giit ng mga kawani.** Nagtipon ang mga kawani ng gubyerno mula sa kagawaran ng edukasyon, kalusugan at iba pang ahensya sa harap ng Kongreso noong ika-10 ng Agosto upang igiit ang dagdag na badyet para sa kanila habang idinidinig sa House Committee on Appropriations ang panukalang ₱5.768 trilyong pambansang badyet ng rehimeng Marcos Jr para sa 2024.

**Petisyon para sa dagdag-sahod sa Region 4-A at 7.** Nagtipon ang mga manggagawa sa ilalim ng Workers' Initiative for Wage Increase-ST sa RWB 4-A sa Batangas City noong Agosto 7 para igiit na itaas tungong ₱750/araw ang minimun na sahod sa rehiyon. Samantala, nagpiket sa harap ng DOLE-7 sa Cebu City noong Agosto 9 ang mga manggagawa sa ilalim ng AMA-Sugbo-KMU kasabay ng pagsumite nila ng petisyon para sa ₱100/araw na dagdag-sahod sa buong Rehiyon 7.

**Konntra-mina sa Samar.** Nagmartsa noong Agosto 7 sa sentro ng Borongan City, Eastern Samar ang higit 2,000 na residente mula isa iba't ibang panig ng Samar para ipanawagan ang pagpapahinto sa mapanirang proyektong pagmimina sa isla ng Homonhon at Manicani at iba pang bahagi ng isla.

**First day fight!** Sinalubong ng protesta ng mga estudyante ng University of Sto. Tomas (UST) ang unang araw ng kanilang klase noong Agosto 9 sa harap mismo ng kanilang pamantasan upang ipanawagan ang pagtataguyod sa karapatan sa edukasyon ng mga kabataan at pagpapabasura sa 6% pagtaas ng kanilang matrikula at ibang bayarin.

**Laban, UP.** Nagmartsa ang mga lider-kabataang mula sa iba't ibang kampus ng University of the Philippines na delegado ng General Assembly Student Councils noong Agosto 16 sa harap ng kampus ng UP Mindanao upang ipanawagan ang dagdag na badyet sa mga pampublikong pamantasan at kundenahin ang panggigipit na dinaranas ng mga estudyante sa kamay ng mga ahente ng estado kasama ang ginawa sa kanila ng mga kapulisan papunta sa orihinal na lugar na pagtitipunan nila sa Freedom Park sa Davao.